# SANDIWA

SPECIAL ISSUE

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE

ABRIL 2021 — BOCAUE, BULACAN


# HALALAN 2021

Kami ay nagagalak na ilahad sa inyo ang mga kandidato sa 2021 St. Martin Coop General Elections. Ang lahat ng mga kandidatong ito na inyong pagpipilian ay mga members in good standing at may Share Capital na hindi bababa sa P30,000.00 sa nakalipas na dalawang taon. Silang lahat ay may kapuri-puring paninilbihan sa komunidad at mga aktibong miyembro ng organisasyong pang-simbahan, pampamahalaan, pang-akademiya at/o mga pang-sibikong institusyon. Pili na!

## Mga kandidato para sa **BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT I,** pumili ng tatlo (3)



### 1. AGCAOILI, XAVIER FREDERICK L.

AGCAOILI, XAVIER FREDERICK L., 37, nakatira sa Sulucan, Bocaue, Bulacan. Nakapagtapos ng BS Computer Science. Kasalukuyan siyang namamasukan sa Accenture bilang isang Customer Service Representative.



### 2. OLAÑO, CLARISSA H. (Dr.)

OLAÑO, CLARISSA H., 48, nakatira sa Taal, Bocaue, Bulacan. Nakapagtapos ng Dentistry at Post graduate ng Orthodontics. Kasal kay Jonathan Olaño, isang entrepreneur, at sa kasalukuyan ay may dalawang anak. Kalihim siya ng Infinitenth Diagnostic Center at miyembro ng Kapisanan ng mga Dentista sa Bulacan (KADEBU) at Philippine Dental Association (PDA). Aktibo sa dental outreach programs ang lisensyadong dentista.



### 3. DELA VEGA- CABANGIS, SOLEDAD T. (Atty.)

ATTY. SOLEDAD T. DELA VEGA – CABANGIS, 51, nakatira sa Luasan, Turo, Bocaue Bulacan. Siya ay nakapagtapos ng Bachelor of Laws sa Arellano Law Foundation at kasalukuyang propesor ng College of Accountancy sa Dr. Yanga's Colleges, Inc. at tumatanggap ng pro bono jobs. Siya ay naging Tagapangulo, at miyembro ng Board of Directors sa National Confederation of Cooperatives (NATCCO), Ikalawang Pangalawang Pangulo ng Association of Asian Confederation of Credit Unions (ACCU), at dating Tagapangulo at BOD member ng St. Martin Coop. Nagkamit ng Gawad Rizal noong ika-30 ng Disyembre 2018, at Gawad ng Pangulo ng TRANSCO noong ika-16 ng Disyembre 2019.



### 4. VILLARTA, WILSON L. (Arch.)

VILLARTA, WILSON L., 41, nakatira sa Poblacion, Bocaue, Bulacan. Siya ay nakapagtapos ng kursong Arkitektura at ngayon ay isang arkitekto at may-ari ng Villarta Design. Nagkamit din siya ng parangal bilang Extra Ordinary Lay Minister of the Holy Communion. Sa kasalukuyan ay wala pang asawa at mga anak. Ayon sa kanya, marami siyang ideya na nais maibahagi kung sakaling palarin na mapili.



### 5. ESTEBAN, DANILO D.

ESTEBAN, DANILO D., 60, nakatira sa 20 Flerida St. Panginay, Balagtas, Bulacan. Siya ay kasal kay Ma. Luisa Esteban na namamahala sa sariling restaurant at snack bar sa Japan at sila ay may isang anak. Nakapagtapos ng BS in Industrial Engineering at naging guro sa Dr. Yanga's Colleges, Inc. ng may sampung taon. Sa kasalukuyan ay namamahala ng sariling negosyo na general merchandise at paupahang apartment. Siya ay aktibong kasapi ng Knights of Columbus at Rotary Club International na kung saan naging Presidente siya nito. Siya ang kasalukuyang Vice-Chairman ng Board of Directors ng St. Martin Coop.



### 6. PASCUAL, SHEILA MARIE R.

PASCUAL, SHEILA MARIE R., 48, nakatira sa Binang 2nd, Bocaue, Bulacan. Nakapagtapos siya ng BS Commerce Major in Economics at Post Graduate ng Master of Business Administration. Siya ay kasal kay Rhoneil Pascual at sila ay may dalawang anak. Kasalukuyang Data Protection Manager ng Legal Department sa EEI Corporation. Naging Pangulo ng St. Paul College of Bocaue Batch '88 at aktibo rin sa mga serbisyong pang-komunidad na inoorganisa ng kanyang pinapasukan.

## Mga kandidato para sa **BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT III,** pumili ng isa (1)



### 1. VISTAN, PETER JOHN T.

VISTAN, PETER JOHN T., 40, nakatira sa Sta. Cruz, Guiguinto, Bulacan. Nakapagtapos ng AB Philosophy and Human Resource Development at naging Youth Development Officer I sa Provincial Government of Bulacan. Kasalukuyan siyang MDRRM Officer sa Local Government Unit ng Guiguinto, Bulacan. Kasal kay Anna Lyn Vistan, investor, at sila ay may dalawang anak.



### 2. BERNARDO NOEL DJ.

BERNARDO NOEL DE JESUS, 45, nakatira sa Tiaong Guiguinto, Bulacan. Siya ay kasal kay Angelica P. Bernardo at sila ay may dalawang anak. Nakapagtapos siya ng BS Mathemathics. Kasalukuyan siyang nanunungkulan bilang Deputy Fire Marshall & Chief Fire Safety Enforcement Unit sa BFP Pulilan Fire Station. Siya ay nakatanggap ng Medalya ng Papuri, Medalya ng Kasanayan at Medalya ng Pagtulong sa mga Nasalanta.

## Mga kandidato para sa **BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT IV,** pumili ng isa (1)



### 1. SANCHEZ, MA. LUISA V.

SANCHEZ, MA. LUISA V., 60, nakatira sa Sta. Ines, San Miguel, Bulacan. Siya ay naulila ni FO3 Leonardo V. Sanchez kung saan sila ay may dalawang anak. Nakapagtapos ng BS Commerce Major in Accounting. Siya ay isang businesswoman at kasalukuyang pinamamahalaan ang kanilang bukid.



### 2. SILVA, MARITES O.

SILVA, MARITES O., 59, nakatira sa San Miguel, Bulacan. Nakapagtapos ng Secretarial sa Polytechnic University of the Philippines at co-chairman ng PPC. Nagtrabaho sa SEC Design Engineering, Resins Inc., SEC Customs Dept. at Engineering Equipment, Inc. Kasal kay Nelson Silva, isang negosyante.

## Mga kandidato para sa **BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT V,** pumili ng isa (1)



### 1. BUGARIN, ARLAN DEAN I.

BUGARIN, ARLAN DEAN I., 29, nakatira sa Lagare, Cabanatuan, Nueva Ecija. Siya ay kasal kay Lybielee Bugarin na isang Call Center Agent at sila ay may dalawang anak. Nakapagtapos ng kursong Business Administration major in Financial Accounting. Kasalukuyan siyang Quality Analyst sa Transcom Worldwide (Philippines) kung saan siya tatlong beses naging Best Customer Service Representative.



### 2. BERDULAGA, LIZA M.

BERDULAGA, LIZA M., 37, nakatira sa Talavera, Nueva Ecija. Siya ay graduate ng Doctor of Philosophy in Educational Management. Kasalukuyan siyang Master Teacher I. Kasal kay Jun Berdulaga, magsasaka, at sila ay may tatlong anak.

# Mga kandidato para sa **Audit Committee,** pumili ng isa (1)



## 1. BRAGAIS, CARMELITA D.

BRAGAIS, CARMELITA D., 39, nakatira sa Malhacan, Meycauayan, Bulacan. Siya ay kasal kay Genver U. Bragais na isang Poultry manager at sila may isang anak. Nakapagtapos ng BS Accountancy at dating nanungkulan bilang Accounting Officer sa SM at Archen Technologies Inc. na subsidiary ng San Miguel Corp.



## 2. DE GUZMAN, PATRICIA M.

DE GUZMAN, PATRICIA M., 58, nakatira sa Igulot, Bocaue, Bulacan. Nakapagtapos ng BS Elementary Education at sa kasalukuyan ay retirado na sa pagiging guro. Siya ay kasal kay Arturo de Guzman at sila ay may limang anak.

# Mga kandidato para sa **Election Committee,** pumili ng dalawa (2)



## 1. CRUZ, JOHN JOEL S.

CRUZ, JOHN JOEL S., 48, nakatira sa Wakas, Bocaue, Bulacan. Nakapagtapos ng kursong BS Mechanical Engineering. Naging Legal Assistant sa Vitarich Corporation at ngayon ay sheriff sa Regional Trial Court sa Navotas City. Nagkamit ng parangal bilang Extra Ordinary Lay Minister of the Holy Communion at kasapi ng Catholic Youth Organization.



## 2. ALCARAZ, ROMMEL M.

ALCARAZ, ROMMEL M., 39, nakatira sa Sta. Rita, Guiguinto, Bulacan. Nakapagtapos ng BS Elementary Education. Kasalukuyang guro sa City of Malolos Integrated School – Sto. Rosario at kasal kay Raena Alcaraz na isa ring public school teacher. Pangulo ng City of Malolos Public School Teachers Association, Musical Director ng CMIS – Sto. Rosario Music Family at Pangkat Kawayan Instructor ng Dr. Yanga's Colleges Inc. Elementary Department. Miyembro din siya ng Philippine Drum and Lyre Associate Inc. at choir member ng St. Martin of Tours Parish. Siya ay nagkamit ng iba't-ibang parangal bilang 2015 Regional Outstanding Teacher at Division of Malolos Outstanding MAPEH Teacher, CMIS – Sto. Rosario Outstanding Classroom.



## 3. CRUZ, SHEILLA MARIE SM.

CRUZ, SHEILLA MARIE STA. MARIA, 45, nakatira sa Bambang, Bocaue, Bulacan. Nakapagtapos ng BS Pharmacy sa University of Sto. Tomas at kasalukuyang pharmacist ng OSC Pharmacy at SOAB Pharma Trading. Naging Pangulo ng Paulinian Family Circle ng dalawang termino at naging MX3 awardee to Holyland (Grand Winner- National) noong 2018. Kasal sa negosyanteng si Oliver Castillo Cruz at sila ay may dalawang anak.



## 4. FRANCISCO, VILMA C.

FRANCISCO, VILMA C., 57, nakatira siya sa Campo Potrero, Lolomboy, Bocaue. Siya ay kasal sa kanyang kapwa guro na si Renato F. Francisco at sila ay may dalawang anak. Nakapagtapos ng BS Education at nanunungkulan bilang Master Teacher 1 sa Lolomboy Elementary School. Siya din ay naging Pangulo ng Bocaue Public School Teachers Association – Lolomboy Chapter at nanungkulan bilang Election Committee ng SMTCDC. Nakatanggap siya ng Gold Award mula sa Girl Scout of the Philippines.

ST. MARTIN COOP

# 2021 SEQUENTIAL GENERAL ASSEMBLY

## VIDEOCONFERENCING VIA zoom

| DATE | TIME | BRANCH |
|---|---|---|
| MAY 8, 2021 | 9:30 AM - 12:00 PM | GUIMBA |
| MAY 8, 2021 | 1:30 PM - 4:00 PM | CABANATUAN |
| MAY 15, 2021 | 9:30 AM - 12:00 PM | STA. MARIA BAYAN |
| MAY 15, 2021 | 1:30 PM - 4:00 PM | PULONG BUHANGIN, STA. MARIA |
| MAY 22, 2021 | 9:30 AM - 12:00 PM | ORANI |
| MAY 22, 2021 | 1:30 PM - 4:00 PM | SAN MIGUEL |
| MAY 29, 2021 | 9:30 AM - 12:00 PM | BALIUAG |
| MAY 29, 2021 | 1:30 PM - 4:00 PM | GUIGUINTO |
| JUNE 5, 2021 | 9:30 AM - 12:00 PM | MEYCAUAYAN |
| JUNE 5, 2021 | 1:30 PM - 4:00 PM | TAAL, BOCAUE |
| JUNE 11, 2021 | 9:30 AM - 12:00 PM | BUNLO, BOCAUE |
| JUNE 11, 2021 | 1:30 PM - 4:00 PM | POBLACION, BOCAUE |

## GENERAL ELECTION • JUNE 23 - JUNE 25, 2021

## GENERAL ASSEMBLY VIDEOCONFERENCING VIA zoom

**JULY 3, 2021 • 9:00 AM - 12:30 PM**

# GABAY SA PAGBOTO



- Makakatanggap ng imbitasyon sa pamamagitan ng e-mail or text message ang mga miyembro na maaaring bumoto.
- Gamit ang inyong cellphone o computer na connected sa internet, i-access ang natanggap na link.
- Kung walang access sa internet, maaaring magsadya sa mga sangay ng St. Martin Coop upang doon bumoto. Siguraduhin lamang na magdala ng face mask at face shield para sa ating kaligtasan.
- Gamit ang Online Voting System, maaari mo nang iboto ang napiling kandidato.

